


# Filipino

## Ikaapat na Markahan –Modyul 4 Paghahambing ng Iba't ibang Dokumentaryo at Pagbibigay Lagom/Buod sa Tekstong Napakinggan



**Filipino– Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Paghahambing ng Iba’t ibang Dokumentaryo  
at Pagbibigay ng Lagom/Buod ng Tekstong Napakinggan/Nabasa  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Vilma Balanday Lobos	Melanie Equiza Parido
<b>Editor:</b>	Omar O. Ty	Chinky F. Baculanta
<b>Tagasuri:</b>	Julito E. Lagrimas	
<b>Tagaguhit:</b>	John Christopher O. Go	
<b>Tagalapat:</b>	Beatrice A. Olmedo	Jerome B. Reynes
<b>Tagapamahala:</b>	Ramir B. Uytico	Arnulfo M. Balane
	Rosemarie M. Guino	Joy B. Bihag
	Ryan R. Tiu	Gorgonio G. Diaz Jr.
	Crista Joy A. Torbila	Alex B. Rejuso
	Isagani E. Licas	Lucila R. Balondo
	Elvira R. Ribo	Julito E. Lagrimas
	Beatrice A. Olmedo	Teodorico C. Peliño Jr.

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Regional Office VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4:  
Paghahambing ng Iba't ibang  
Dokumentaryo at  
Pagbibigay Lagom/Buod ng  
Tekstong Napakinggan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



Kumusta ka na kaibigan? Naalala mo pa ba ako? Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na makakasama mo muli sa iyong paglalakbay. Binabati kita dahil natapos mo ang nakaraang modyul. Ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay patungo sa karunungan sa panibagong modyul na ito.

Handa ka na ba? Natitiyak kong nasasabik ka na muling matuto. Kaya, tara na!

Sa modyul na ito ay lilinganin natin ang iyong kaalaman sa paghahambing ng iba't ibang dokumentaryo at pagbibigay lagom o buod ng tekstong iyong napakinggan at nabasa. Siguradong mawiwili ka sa ating paglalakbay, kaya tutukan mo itong lahat.

Pagkatapos ng ating paglalakbay, ikaw ay inaasahang:

Makapaghahambing ang iba't ibang dokumentaryo (**F5PD-IVe-j-18**); at

Makapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan (**F5PN-IVg-h-23**).

Handa ka na ba sa panibagong hamon? Magaling!

Subukin muna natin ang iyong kaalaman tungkol sa pag-aaral na ating gagawin.

Nakarinig/Nakabasa ka na ba ng kuwento na totoong nangyari sa isang tao o lugar? Alam mo ba kung anong uri ng babasahin ito? Tama! Ang tawag dito ay dokumentaryo.



## Subukin

**Panuto:** Ibigay ang buod sa pamamagitan ng pagkompleto ng nawawalang salita upang mabuo ang kaisipan o pangungusap. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Sa mag-aaral na may *internet*, maaaring iakses ang *link* na ito <https://www.gmanetwork.com> at pakinggang mabuti.
2. Sa mag-aaral na walang *internet*, ipabasa sa magulang o di kaya’y kasambahay ang dokumentaryo na nasa ibaba.

### “Bilanggo ng Isipan”

(David 2018)

Si “Lola Alyn” – apatnapu’t pitong taon.

Ganito katagal silang ikinadena ng kanilang mga pamilya sa Leyte nang dahil sa sakit sa pag-iisip.

Diyesisiyete anyos lang noon si Lola Alyn nang lumuwas sa Maynila para magtrabaho. Pero nang umuwi sa Leyte, tila may problema na raw ito sa pag-iisip. Ano nga ba ang sinapit ni Lola Alyn sa Maynila at bakit nawala siya sa katinuan? Para hindi magpalaboy at kutyain ng iba ... ikinadena siya sa loob ng isang maliit na kubo sa nakalipas na apatnapu’t pitong taon. Ang kapatid na si “Juanito”, hindi nakapag-asawa at hindi nakabuo ng sariling pamilya para lang maalagaan ang matanda.

Si Lola Alyn ay lumuwas ng <sup>(1)</sup>\_\_\_\_\_ para magtrabaho at nang umuwi sa Leyte ay tila may <sup>(2)</sup>\_\_\_\_\_ na raw sa <sup>(3)</sup>\_\_\_\_\_. Para hindi <sup>(4)</sup>\_\_\_\_\_ at <sup>(5)</sup>\_\_\_\_\_ ng ibang tao, siya ay <sup>(6)</sup>\_\_\_\_\_ sa loob ng maliit na kubo ng <sup>(7)</sup>\_\_\_\_\_ taon. Inalagaan siya ng kaniyang <sup>(8)</sup>\_\_\_\_\_ na si Juanito. Hindi na nakapagbuo ng <sup>(9)</sup>\_\_\_\_\_ para <sup>(10)</sup>\_\_\_\_\_ siya.

## Aralin

# 1

# Paghahambing ng Iba't Ibang Dokumentaryo at Pagbibigay Lagom/Buod sa Tekstong Napakinggan

Naging libangan na natin ang panonood ng telebisyon hindi ba kaibigan?

Ikaw, anong programang pantelebisyon ang iyong napanood at nagustuhan? Naantig ba ang iyong damdamin dahil may kaugnayan ito sa iyong buhay? Hindi mo maiwaglit ang mga eksenang tumatak sa iyong puso't isipan. Aba, kung ganoon tara na, manood pa tayo ng iba pang programa sa telebisyon.



## *Balikan*

### Gawain 1:

**Panuto:** Basahin at unawain mong mabuti ang mga tanong at sagutin mo ito. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Nagkaroon ka na ba ng pagkakataon makapanood ng pelikulang hawig sa sarili mong karanasan? Ano ang iyong naramdaman?
2. Saan mo nalalaman ang mga kaganapan o pangyayari tungkol sa sakit na *COVID-19* na kinahaharap ng buong mundo ngayon?
3. Nanonood ka ba ng programang pantelebisyon na Kapuso Mo ni Jessica Soho? Bakit?



## Tuklasin

### Gawain 2

**Panuto:** Basahin at unawain mong mabuti ang dalawang dokumentaryo.

Pagkatapos mong basahin, sagutin ang sumusunod na tanong na nasa ibaba. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

### Dokumentaryong Pampelikula

("Dokumentaryong Pampelikula" n.d.)

Ang dokumentaryong pampelikula na ito ay ayon sa direksiyon ni Brillante Mendoza. Isa sa pinakamahusay na direktor ng bansa sa kasalukuyan lalo na sa paglikha ng mga *Independent o Indie Films* o yaong mga pelikulang malaya sa kanilang tema at pamamaraan na ang pinakalayunin ay buksan ang kaisipan ng mamamayan tungkol sa mga isyung panlipunan. Ang nasabing dokumentaryo ay nilapatan ng *cinema verite*, kung saan aktuwal na nagtagpo at nakunan ang mga pangyayari ng *filmmaker* ang kaniyang *film subject*, upang mas higit itong maging makatotohanan. Tunay ngang bahagi na ito ng ating kultura at panitikang popular.

Nagwagi siya ng mga prestihiyosong parangal sa pandaigdigang “pinilakang-tabing”. Kabilang na rito ang “Manoro” (*The Teacher*) na pinarangalan sa *CinemasAvenir-Torico Film Festival 2006*. Gayundin ng *Best Picture at Directors Award* sa *Cinemanila 2006*. Ilan din sa kanyang sikat na mga obra ay ang *Foster Child* (John John); *Tirador (Slingshot)* Lola at marami pang iba. Dahil kay Mendoza, muling naitayo sa *pedestal* ang galing ng mga Filipino sa larangan ng paggawa ng pelikula at industriya ng pelikula bilang isang internasyonal na likhang-sining ng mga Filipino. Sinikap at tinangka ng manunulat na isulat ang iskrip nito sa kabila ng pagiging limitado nito sa iba’t ibang pamamaraan. Kapag pinanood ang buong pelikula, mapapansin na ang pangunahing wika ng mga tauhan ay ang mismong kanilang *mother tongue* o katutubong wika. May mga *subtitle* sa ilalim nito na nakasulat sa wikang Ingles. Kaya’t isang hakbang din na isinagawa ng manunulat ay ang pagsasalin nito na nakasulat sa wikang Filipino upang maunawaan ng nakararami. Lahat ng ito ay isinagawa upang lubos na matutuhan at mapahalagahan ang isa sa pinakamagandang Obra-Maestra na pambuong daigdig ang “Manoro”.



Ang ilan sa mga pelikula ay nagreresulta bilang dokumentaryong pampelikula sapagkat ito ay nagpapaliwanag kung paano binubuo o ginagawa ang isang pelikula. Pangunahing layunin nito ang magbigay impormasyon, manghikayat, magpamulat ng mga kaisipan, at magpabago ng lipunan. Sa mas malawak nitong pakahulugan, ito ay isang ekspresyong biswal na nagtatangkang makita ang realidad at katotohanan.

### **Dokumentaryong Pantelebisyon**

Gaya ng pelikula, ang mga programang pantelebisyon ay maituturing ding isang uri ng sining na nagsisilbing libangan at gumigising sa isip at damdamin ng isang tao. Ito'y mahalaga at mabisang sangay ng kabatirang panlipunan, pang-espirituwal, pangkultura, pangmoralidad, pang-edukasyon, at iba pa. Malaki ang nagagawang impluwensiya nito sa katauhan ng isang nilalang. Ang mga kaisipan, ugali, kabuluhan, at pananaw ng isang nilikha ay maaaring maimpluwensiyahan ng pinanonood na mga programa sa telebisyon.

Ito ay mga palabas na naglalayong maghatid ng komprehensibo at estratehikong proyekto na sumasalamin sa katotohanan ng buhay at tumatalakay sa kultura at pamumuhay sa isang lipunan.

1. Ano ang dalawang uri ng dokumentaryo na iyong binasa?
2. Paghambingin ang mga katangian ng dalawang dokumentaryo.



## Suriin



Napukaw ba ang iyong interes at kaisipan sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasang dokumentaryo?

Dagdagan pa natin ang iyong kaalaman tungkol sa ating aralin. Basahin at unawain mo ang impormasyong tatalakayin natin.

Ang **dokumentaryo** ay isang impormasyon tungkol sa katotohanan o sitwasyon ng isang tao o lugar. Ang layunin nito ay upang mamulat o matuto ang tao sa tunay na sitwasyon o pangyayari sa ibang tao o lugar. Ito rin ay tumutukoy sa mga tala/artikulong tungkol sa makatotohanang pangyayari sa buhay at lipunan.

Ang **pelikula o film** ay isang larangang sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriyang panlibangan.

Kapag pinagsama ang **dokumentaryo** at **pelikula o film**, **dokyu-film** ang ating itatawag. **Dokumentaryong pantelebisyon** naman kung ipinalabas sa telebisyon ang isang dokumentaryo.


Ang dalawang uri ng dokumentaryo ay ang **dokumentaryong pampelikula** at **dokumentaryong pantelebisyon**.

Ang **dokumentaryong pampelikula** ay nagpapaliwanag kung paano binuo o ginawa ang pelikula. Layunin nitong magbigay impormasyon, manghikayat, at magmulat ng mga kaisipan tungo sa kamalayang panlipunan. Isa itong ekspresiyong biswal na nagtatampok ng katotohanan sa buhay ng mga tao at sa lipunang ginagalawan. Ang isa sa pangunahing instrumento sa pagtataguyod nito ay ang integrasyon at paggamit ng *ICT* o *Information and Communication Technology* upang lalo pang mapalaganap ang ganitong mga akdang pampanitikan.

Samantala, ang **dokumentaryong pantelebisyon** ay mga programa o palabas na naglalayong maghatid ng komprehensibo, mapanuri at masusing pinag-aralang proyekto o palabas na sumasalamin sa katotohanan ng buhay na kalimitang tumatalakay sa isyu, problema, kontrobersyal na balita, at maging ng mga paksang may kinalaman sa kultura at pamumuhay ng mga tao sa isang lipunan.

Kilala sa larangan ng dokumentaryong pantelebisyon ang mga batikang mamamahayag na sina Che-Che Lazaro, Jessica Soho, Kara David, Howie Severino, Sandra Aguilando, Jay Taruc, at marami pang iba.

May pagkakatulad at pagkakaiba ang dalawang uri ng dokumentaryo. Ang nasa ibaba ay isang *Venn Diagram* ng dokumentaryong pampelikula at dokumentaryong pantelebisyon. Ipinakikita rito ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang dokumentaryo. Ang mga lipon ng mga salita na nasa magkabilaan ay ang pagkakaiba, samantalang ang nasa gitna naman ay ang pagkakatulad ng nasabing mga dokumentaryo.



Maaari nating paghambingin ang dalawang uri ng dokumentaryong nabanggit. Ang **paghahambing** ay isang paraan ng paglalahad, ito ay nakatutulong magbigay linaw sa isang paksa. May dalawang uri ng paghahambing. Ito ay ang **paghahambing na magkatulad** at **paghahambing na di-magkatulad**. Ang paghahambing na magkatulad ay ginagamit kung ang dalawang ihahambing ay antas na katangian ng isang bagay o anuman. Samantala, ang paghahambing na di-magkatulad ay ginagamit kung ang hinahambing ay magkaiba ang antas ng isang bagay o anuman.

Mahalaga na matuto tayo sa paghahambing ng dalawang dokumentaryo upang mas mauunawaan natin ang punto o mensahe nito at maging malinaw ang pangyayari o mga bagay-bagay na tinalakay sa dokumentaryo.

Sa paghahambing ng dokumentaryong napakinggan/nabasa puwede nating isulat ito sa pamamagitan ng isang buod. Ang **buod** ay isang lagom o sintesis upang mapag-ugnay ang mga mahahalagang ideya o impormasyon.

Narito ang mga hakbang/paraan sa pagbibigay ng buod:

1. Pakinggan, panoorin, o basahin ang teksto;
2. Sa mga episode na pinanonood o pinakikinggan at maging sa nakasulat na dokumentaryo, tukuyin ang paksang pangungusap o pinakatema.

Tukuyin ang susing salita o *key words*; at, pagkatapos, pag-ugnay-ugnayin ang mga ideyang ito upang mabuo ang pinakapunto nito.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 3**

**Panuto:** Paghambingin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang dokumentaryo. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

- A. Sa mag-aaral na may *internet*, maaaring iakses ang *link* na ito <https://www.gmanetwork.com> at pakinggang mabuti ang dokumentaryo.
- B. Sa mag-aaral na walang *internet*, ipabasa sa magulang o di kaya'y sinumang nakakatandang kasama sa bahay ang dokumentaryo na nasa ibaba.

## **Pag-asa sa Pagbasa**

(David 2018)

Sa Sauyo High School sa Quezon City, may isang *section* kong saan ang itinuturo - pagbabaybay ng mga salita, pagsusulat ng mga letra at pagkilala sa mga kulay. Pero ang klaseng ito, wala sa elementarya kundi nasa *high school* na. Sila ang *Section Darwin* – isang klase na binubuo ng dalawampu't siyam na mga estudyanteng nakatuntong sa *Grade 7* pero hindi pa rin nakapagsusulat at nakababasa.

Kabilang sa *Section Darwin* ang dose anyos na si Louie. Bagama't hirap maski sa simpleng pagsusulat at pagbabasa, taon-taon siyang ipinapasa ng kanyang mga guro at ngayo'y nakatuntong pa ng *Grade 7*. Imbis din na aralin ang mga leksyon pagkatapos ng klase, sa tambakan ang direktso ni Louie para mangalakal. Ang kakarampot kasing kikitain niya – malaking tulong na raw sa kanilang pamilya.

Nasa *Section Darwin* naman ng *Grade 8* ang kinse anyos na si Jack. Dahil madalas na walang naibibigay na pambaon na walang naibibigay na pambaon ang kanyang mga magulang, lumiliban na lang noon si Jack sa kanyang mga klase at kalauna'y napag-iwanan. Hanggang sa makaabot siya ng *high school* nang hindi nakapagsusulat at nakababasa. Pero dahil sa kagustuhang matuto – at dahil sa mga guro, nakapagbabasa na ngayon si Jack.

Pero bakit ipinapasa ng eskuwelahan ang mga kagaya nilang “*non-reader*” at “*slow reader*?” Hindi ba ipinatutupad ng *Department of Education* ang “*No Read, No Pass Policy*?” Kanino raw ba dapat isisi kung bakit umaabot sila ng *high school* nang hindi nakababasa at nakapagsusulat – sa mga guro, sa kahirapan, sa kakulangan ng suporta mula sa magulang o mismong kagustuhan nila na matuto?

## Ang Unang Maestra

(Aguinaldo 2018)

Umaasa sila sa biyaya ng kalikasan. Sa gubat at ilog nagmumula ang kanilang lamang tiyan. Pinipitas nila ang mga prutas at gulay mula sa kanilang bakuran. Sariwa ang hangin at malinis ang kanilang mga ilog.

Sa isang tagong sulok sa bulubundukin ng Tanay, payapa ang buhay ng mga Dumagat.

Ngunit gaano man sila kalayo sa sibilisasyon, tila nanganganib pa rin ang kanilang pamumuhay.

Matagal na silang nakatira sa kanilang lupang ninuno, ngunit unti-unti silang tinutulak paalis dito. Ayon sa mga Dumagat, nalililang sila ng ilang mga taga kapatagan dahil sa kanilang kakulangan sa kaalaman.

Ngayon, mayroon na silang sandata para maprotektahan ang kanilang tribo: ang edukasyon.


Si *Teacher Diday* ang kauna-unahang Dumagat mula sa Tanay na nakapatapos ng kolehiyo. Kursong edukasyon ang tinapos niya sa tulong ng isang *scholarship. No-read, no-write* ang kanyang mga magulang pero desidido silang makapagtapos ang kanilang anak sa pamamagitan ng aning bigas at luya. Ngayon, si *Teacher Diday* ang tanging maestra ng kanilang nayon. Ang isang *multi-purpose hall* sa Barangay Sta. Ines ang naging kanlungan ng kaalaman ng mahigit limampung estudyanteng Dumagat.

Ilan sa mga estudyante ni *Teacher Diday*, kailangan pang maglakbay ng mahigit isang oras para makapasok. Marami sa mga batang Dumagat ang hindi nakapagtapos ng elementarya. Habang ang mga nakatatanda, hindi alam kung paano isulat ang kanilang mga pangalan. Hindi rin sila marunong magkuwenta ng kanilang naibentang ani. Madalas din silang kinakantiyawan sa eskuwelahan, kaya ang mga batang Dumagat, mahiyain at pinipili na lang umupo sa likuran.

Ngunit sa loob ng klasrum ni *Teacher Diday*, nakangiti pa tila nakikipagbuno sa hawak na mga bolpen para isulat ang kanilang mga panglan. Suot nila ang kanilang tradisyonal na damit. Hindi sila nahihiyang magsalita sa klase dahil ang guro nila, kapuwa Dumagat.

Pinili ni *Teacher Diday* na bumalik sa kanilang komunidad para tulungan ang mga Dumagat na tuparin ang kanilang mga pangarap. Katuwang niya sa pagtuturo ang kaniyang nakababatang kapatid na si Irene, isa naming *graduate ng Information Technology*. Batid nilang mas kikita sila kung makahahanap ng trabaho sa labas ng Sta. Ines, ngunit mas gusto nilang ihandog ang kanilang mga natutuhan sa lupang tinubuan.

Ngayon, paghambingin mo ang dalawang dokumentaryo gamit ang *Venn Diagram*. Isulat ito sa sagutang papel.



### **Isaisip**



Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga pagsasanay. Sa bahaging ito, ay sagutin mo ang susunod na gawain upang mailahad ang iyong natutuhan sa modyul.

#### **Gawain 4**

**Panuto:** Punan ng tamang salita o sagot ang bawat patlang upang matukoy ang iyong mga natutuhan tungkol sa pagkakaiba at pagkakapareho ng dalawang dokumentaryo. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang dokumentaryong <sup>(1)</sup>\_\_\_\_\_ ay nagpapaliwanag kung paano binubuo o ginagawa ang pelikula. Ang layunin nito ay magbigay <sup>(2)</sup>\_\_\_\_\_, <sup>(3)</sup>\_\_\_\_\_, magpamulat ng mga <sup>(4)</sup>\_\_\_\_\_ at magpabago ng lipunan. Samantala ang dokumentaryong <sup>(5)</sup>\_\_\_\_\_ ay mga

palabas na naglalayong maghatid ng <sup>(6)</sup>\_\_\_\_\_ at estratehikong proyekto na sumasailalim sa katotohanan ng buhay at tumatalakay sa <sup>(7)</sup>\_\_\_\_\_ at pamumuhay ng mga tao sa isang <sup>(8)</sup>\_\_\_\_\_.

Magkahalintulad ang dokumentaryong ito sapagkat minsan ito’y kuwento ng <sup>(9)</sup>\_\_\_\_\_ ng isang tao. Magkaiba naman ang dokumentaryong ito dahil ang pampelikulang dokumentaryo ay tumatalakay sa larangan ng <sup>(10)</sup>\_\_\_\_\_, samantala ang pantelebisyonang dokumentaryo ay sumasalamin sa katotohanan ng buhay at tumatalakay sa kultura at pamumuhay sa isang lipunan.



## Isagawa



Kaibigan, upang matiyak kung talagang naintindihan mo ang araling tinatalakay sa modyul na ito, isagawa ang nasa ibaba.

### Gawain 5

**Panuto:** Balikan ang dalawang dokumentaryo na nasa **Pagyamanin** na “Pag-asa sa Pagbasa” at “Larangan ng Pelikula”. Isulat ang paghahambing nito sa pamamagitan ng lagom/buod. Gamit ang rubriks na nasa ibaba sa pagbibigay ng iyong marka.

Paghahambing ng Dokumentaryong ‘Pag-asa sa Pagbasa’ at  
‘Ang Unang Maestra’

---

---

---

---

---

---



## Rubrik sa Pagsulat ng Buod

Pamantayan	5	4	3	2	1
Nilalaman	Buo at nauunawaan nang lubusan ang kaisipan at pinakadiwang nais ipahayag ng sumulat	Nauunawan ang karamihan sa ipinahayag na ideya ng sumulat. Ngunit may ilang bahagi na hindi nauunawaan	Nauunawaan ang nilalaman subalit may ilang naisamang detalyeng di kailangan at di maunawaan	Maraming kulang na mahahalagang detalye. Hindi gaanong nauunawaan ang nilalaman ng teksto.	May ilan lamang mahalagang detalyeng naisulat kayat hindi maunawaan
Organisasyon	Napakahusay ng daloy ng pagkakalahad at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	Mahusay ang daloy ng pagkakalahad subalit may ilang bahaging hindi gaanong maayos	Di gaanong malinaw at maayos ang daloy ng pagkakalahad	Ilang bahagi ang malinaw at maayos ang daloy ng pagkalahad	Hindi malinaw ang daloy ng pagkakalahad
Gramatika o Pagbabaybay	Lahat ay wasto ang pagkakagamit ng gramatika o pagbabaybay	May 1-2 mali sa pagkakagamit ng gramatika o pagbabaybay	May 3-4 na mali sa pagkakagamit ng gramatika o pagbabaybay	Higit pa sa 5 ang mali sa pagkakagamit ng gramatika o pagbabaybay	Halos lahat ay mali ang pagkakagamit ng gramatika o pagbabaybay



## Tayahin



Mahusay kaibigan, naabot mo ang bahaging ito. Patunay lamang na naintindihan mo ang ating aralin.

Sige, huminga muna ng malalim. Tiyak na handa ka na para sa isang pagtataya.

## Gawain 6

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang dalawang dokumentaryong ‘Paaralan ni Juan’ at ‘Manoro’. Pagkatapos, paghambingin kung ano ang makikitang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawa sa pamamagitan ng pagsulat ng lagom/buod nito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- A. Sa mag-aaral na may *internet*, maaaring iakses ang *link* na ito <https://www.gmanetwork.com> at pakinggang mabuti ang dokumentaryo.
- B. Sa mag-aaral na walang *internet*, ipabasa sa magulang o sinumang nakakatandang kasama sa bahay ang dokumentaryo na nasa ibaba

### ‘Paaralan ni Juan’

(Aguinaldo 2019)

Sa nakalipas na dalawang dekada, maraming kuwento na tungkol sa edukasyon ang nakunan ng lente ng *I-Witness*. Ngayong Sabado, babalikan ni Sandra Aguinaldo ang ilan sa mga estudyante at paaralang tumatatak sa programa mula Luzon, Visayas, at Mindanao.

Taong 2010 noon nakilala ni Sandra si Maris sa isang komunidad sa kabundukan ng Cebu – isang batang pursigidong makapag-aral sa kabila ng matinding kahirapan. Minsan pumapasok sa eskwela na kumakalam ang tiyan, at madalas walang tsinelas. Ang mga sugat at kalyo sa paa niya ay marka ng araw-araw na paglalakad sa mabatong daan. Makalipas ang siyam na taon, ang batang nakayapak, ngayon nagtuturo na. Ano ang naging landas niya sa nakalipas na halos isang dekada? Patungo na nga ba siya sa inaasam na ginhawa?

Sa Mindanao, isang paaralan sa liblib na lugar sa Lanao del Sur ang binisita ng *I-Witness* noong 2008. Isa ang Datu Ariman Guro *Elementary School* sa pinakamahirap na marating ng paaralan sa Pilipinas. Bukod sa napakalayo nito sa kabihasanan, nasa gitna pa ito noon ng rido o away ng mga pamilya. Marami sa mga estudyante natatakot pumasok tuwing sisiklab ang bayolenteng awayan.

Mahirap ding makarating ang suporta mula sa gobyerno kaya apektado ang paaralan. Ang isang silid paaralan hinati sa apat na magkakaibang baitang at iisang uri lamang ng textbook ang laman ng kanilang library. Hindi na kataka-taka na ang eskuwelahan ang may pinakamababang ranking sa *National Achievement Test* noong panahong iyon. Sa pagbabalik ng *I-Witness team* ano kaya ang daratnan nila? Kasama ang 20 sundalo ng Philippine Army, susubukan nilang hanapin si Rahima, ang noo’y pinakamatalinong bata ng Datu Ariman Guro *Elementary School* at si Fahad, ang batang panay ang absent dahil sa rido. Ano kaya ang naging

kapalaran nila? Dumating na kaya ang tulong na hinihintay ng mga guro at estudyante ng paaralan?

Ilang administrasyon na rin ang dumaan at ang bawat isa, nangangako na lalong pag-iigtingin ang kalidad ng edukasyon sa bansa. Ano na nga ba ang estado ng edukasyon sa Pilipinas? Naibibigay ba ng pamahalaan ang antas ng edukasyon na kailangan ng mga batang Pilipino ngayon?

### **“Manoro” (Ang Guro)**

(SamahanNgMgaSolidNaMagAaralNgFilipino · Education 2013)

Si Jonalyn Ablong na siya mismong gumanap sa dokumentaryong pampelikula.

Ayon sa ulat, tinatayang halos anim na milyong Pilipino ang may suliranin ng “kamangmangan” o yaong *illiterate*. Karamihan sa kanila ay mga katutubo na tila nakalimutan na yata ng pamahalaan. Tandaan, sila ang isa sa mga unang nagpasimula ng ating kabihasan at kung anong klase at pamamaraan ng pamumuhay mayroon tayo ngayon. Tunay ngang ito ay isang realisasyon at pagkamulat para sa ating lahat. Hunyo taong 1991, isang malaking trahedya ang naganap sa Pilipinas, ang pagsabog ng matagal nang nananahimik na Bulkang Pinatubo sa bahagi ng Zambales at Pampanga, gumimbal ang pangyayaring ito sa sa buong daigdig dahil maging ang klima ng daigdig at ilan sa mga bansa nito ay naapektuhan. Ang mga katutubong Aeta ay napilitang bumaba ng mga kabundukan at nanirahan sa mga patag na lugar malapit sa kabayanan, kaya naman ito rin ang naging daan upang mabigyan sila ng pagkakataong makapag-aral sa mga paaralan na malapit dito.

EKSENA 1: Araw ng Pagtatapos (*Graduation Day*)

Sa paaralan at sa buong senaryo. Sa iba’t ibang reaksiyon ng mga tao. Araw ng *Graduation* sa Sapang Bato Elementary School sa Angeles City. Ito’y napakahalagang araw para sa mga katutubong Aeta na magtatapos ng elementarya. Isa na rito si Jonalyn Ablong. Hindi magkamayaw ang lahat. Maririnig ang ilang mga usap-usapan:

Babae 1: Dala mo ba ang *camera* mo?

Babae 2: Hindi eh, naisanla ko kahapon.

Ina 1 : Nasaan na si Jonalyn, magsisismula na ang seremonya.

Batang Babae : Kasama yata si Kulitis, nagme-*make-up*.

Ina 2 (nakangiti sa anak): Ang mga Sampaguita na ito ay para sa mga

*gagraduate* tulad mo, huwag kang mahiya. Bagay sa’yo ‘to. nakadaragdag

pa sa ingay ng paligid ang malalakas na hagulgol ng mga sanggol.

Samantala, muling maririnig ang ganitong mga usapan:

Estudyante 1 : Aalis na bukas si Kiray, mamasukan siyang katulong sa isang intsik sa bayan.

Estudyante 2: Gusto ni Jonalyn na makapaghayskul. Tuturuan niya rin kaming magbasa ngayong *summer* para makuha niya rin ang *scholarship* na gusto niya ngayong Hunyo.

Babae 1: Isa ka ba sa mga estudyante niya?

Babae 2: Oo, pati ang pamilya ko, lalo na ngayong Mayo, panahon ng eleksyon.

Pumila na si Jonalyn para sa martsa, nakangiti, nagmamasid-masid sa paligid. Nagsimula na ang *teacher-emcee* na magpakilala ng mga panauhin. Binanggit ang isa sa mga tanyag na linya: *What you sow, is what you reap*. Masaya ang buong paligid, ngunit magulo rin. Sa isang bahagi ng paaralan ay may maliliit na batang naghaharutan at nag-aaway. Sa isang mensaheng nakadikit sa dingding.

“Bawat *Graduate*, Bayani, at Marangal na Pilipino.”

*Picture-taking time* na, biglang nagtanong ang kanilang guro.

Guro : Dapat labing-anim kayo, nasaan si Pikoy?

Estudyante: Wala po siya, nagpatuli po kasi kahapon. (Sabay ngumiti na ang mga estudyante para sa lahat ng kanilang mga *picture-taking*. Natapos na ang masayang *graduation*.)

Paghahambing ng Dokumentaryong ‘Paaralan ni Juan’ at ‘Manoro’

---

---

---

---

---

---



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magsaliksik ng iba pang dokumentaryo na hindi pa natin natalakay o napag-aralan at pakinggan/basahin mo ito. Alamin mo kung ano ang pagkakatulad nito sa mga dokumentaryong iyong pinag-aralan. Maaaring mag-akses sa *internet* o manood sa *Youtube*.



Binabati kita kaibigan dahil natapos mo ang lahat ng pagsubok sa ating paglalakbay.

Nakatitiyak akong naging masaya ka sa ating paglalakbay, asahan mong sasamahan pa rin kita sa susunod na modyul.

Sa muli, ito ang iyong kaibigang si Kokoy. Paalam!



## ***Susi sa Pagwawasto***

**Subukin:**

1. Maynila
2. problema
3. pag-iisip
4. magpalaboy
5. kutyain
6. ikinadena
7. apatnapu't pito
8. kapatid
9. sariling pamilya
10. maalagaan

**Isaisip:**

1. pampelikula
2. impormasyon
3. maghikayat
4. kaisipan
5. telebisyon
6. komprehensibo
7. kultura
8. lipunan
9. buhay
10. pelikula

**Balikan:**

1. (Tanggapin ang sagot ng bata.) Oo/opo kung nakapanood na siya na may hawig sa kanyang karanasan at wala, kung hindi pa.
2. Sa telebisyon, sa pahayagan
3. Opo, channel 7

**Tuklasin:**

1. Dokumentaryong Pampelikula at Pantelebisyon
2. (Tanggapin ang sagot ng bata)

**Pagyamanin:**

(Tanggapin ang sagot na may kaugnayan sa dokumentaryo.)

**Isagawa:**

(Tanggapin ang sagot na may kaugnayan sa dokumentaryo.)

**Tayahin:**

(Tanggapin ang sagot na may kaugnayan sa dokumentaryo.)

## **Sanggunian**

*Most Essential Learning Competencies (MELCS)*, 2020. F5PD- IVE-j-18, F5PN-IV-g-h-23 p. 164

David, Kara. 2018. "'Bilanggo Ng Isipan,' Dokumentaryo Ni Kara David Ngayong Sabado Sa I-Witness". *GMA News Online*. <https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/662929/bilanggo-ng-isipan-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/>.

"Dokumentaryong Pampelikula". 2017. *FILIPINO MATUTO*. Accessed April 17, 2021. <https://filipinomatuto.wordpress.com/2017/02/03/dokumentaryong-pampelikula/>.

David, Kara. 2018. "'Pag-Asa Sa Pagbasa,' Dokumentaryo Ni Kara David Ngayong Sabado Sa I-Witness". *GMA News Online*. <https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/665912/pag-asa-sa-pagbasa-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/>.

Aguinaldo, Sandra. 2018. "'Ang Unang Maestra,' Dokumentaryo Ni Sandra Aguinaldo, Ngayong Sabado Sa 'I-Witness'". *GMA News Online*. <https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/671700/ang-unang-maestra-dokumentaryo-ni-sandra-aguinaldo-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/>.

Aguinaldo, Sandra. 2019. "I-Witness Anniversary Special 'Paaralan Ni Juan' By Sandra Aguinaldo Airs This Saturday". *Gmanetwork.Com*. <https://www.gmanetwork.com/entertainment/showbiznews/news/56701/i-witness-anniversary-specialpaaralan-ni-juan-by-sandra-aguinaldo-air-this-saturday/story>.

SamahanNgMgaSolidNaMagAaralNgFilipino · Education. 2013. "Alam Mo Na Ba?". *Facebook.Com*. <https://www.facebook.com/SamahanNgMgaSolidNaMagAaralNgFilipino/posts/manoro-ang-guro-si-jonalyn-ablong-na-siya-mismong-gumanap-sa-dokumentaryong-pamp/376820655787347/>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)